

**Nais mo bang makahanap
ng isang pautang na
mapapagkatiwalaan mo?**

Tingnan ang www.money-happy.org, isang proyekto ng **Housing and Economic Rights Advocates (HERA)** [Mga Tagataguyod ng Mga Karapatan ng Pabahay at Ekonomiko].

Minsan kailangan mo ng pera, at ito ay hindi dapat magdulot sa iyo ng kahirapan. Ang Money Happy ay tutulong sa iyo na makahanap ng ligtas at abot-kayang mga nagpapahiram at mga tagapagkaloob ng pananalaping-tulong na malapit sa iyo.



Ang HERA ay isang hindi-tumutubong organisasyon ng mga legal na serbisyo na nakatuon sa katarungan ng ekonomiya. Para sa karagdagang impormasyon o humiling ng tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa inquiries@heraca.org o tumawag sa amin sa (510) 271-8443 ext. 300

**NAGPOPROTEKTA SA LAHAT NG MGA
TAO MULA SA DISKRIMINASYON
AT PANGKABUHAYANG PANG-AABUSO,
LALO NA UKOL SA PABAHAY**

Ipinapaliwanag namin ang iyong mga pagpipilian at mga karapatan.

Tutulungan ka naming ipagtanggol ang iyong mga karapatan at labanan ang mapang-abusong mga kasanayan sa pamamagitan ng pagtatanggol.

Tuturuan ka namin kung paano makagawa ng isang ligtas na pampinansiyal na kinabukasan para sa iyo at iyong pamilya.

HERA

housing and
economic
rights advocates

www.heraca.org

E-mail: inquiries@heraca.org

P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604

Telepono: 510-271-8443 ext. 300

Fax: 510-868-4521

**Makakaya Ko Bang
Bayaran ang Kolehiyo
o Paaralang
Pangangalakal
(Trade School)?**

HERA

housing and
economic
rights advocates

Alamin ang tungkol sa mga pangunahing kaalaman sa pautang ng maliit na dolyar, kung ano ang dapat malaman at kung ano ang dapat bantayan.

Tama ba ang pagpili ng kolehiyo para saakin?

Ang mas mataas na edukasyon ay maaaring maging isang mahusay na paraan upang palawakin ang iyong kaalaman at mga oportunidad.

Bago ka magpalista, suriin ang kolehiyo o paaralang pangangalakal na iyong isinasaalang-alang. Huwag gumawa ng mga desisyon batay lamang sa impormasyon mula sa mga tagarekluta ng paaralan.

Makipag-usap sa mga kasalukuyang mag-aaral at nakatapos sa paaralan upang makakuha ng karagdagang impormasyon. Makakahap ka ng mahalagang impormasyon tungkol sa pagiging abot-kaya, pagkakaiba-iba at pagtatagumpay ng mag-aaral sa <http://college-insight.org/>

Sa kasalukuyan ikaw ba ay nasa kolehiyo, o isang tumutubong paaralan at nais malaman kung paano magbabayad para dito? Kung ikaw ay nagkakaproblema sa pagbabayad makipagusap sa HERA, maari kang makakuha ng isang mas mababang bayarin kung ang iyong mga pautang ay pederal na nakaseguro. Humingi ng payo bago pagsamahin o muling pagtustusan ang iyong mga pautang.

Para sa higit pang mga tip sa pagbabayad ng pautang ng mag-aaral, pumunta sa Consumer Financial Protection Bureau (CFPB): <https://www.consumerfinance.gov/paying-for-college/repay-student-debt/>

Pagbabayad para sa Mas Mataas na Edukasyon

Mga Pananalaping-tulong (Grant):

Ang isang pananalaping-tulong sa mag-aaral ay pera na magagamit mo para sa edukasyon at hindi kailangang bayaran. Ang California ay may sariling programa ng pananalaping-tulong sa mag-aaral, na tinatawag na "Cal Grants" at iba pang mga pananalaping-tulong ay makukuha mula sa pederal na pamahalaan at mga pribadong organisasyon. Dapat mong tanungin ang tanggapan ng pinansiyal na tulong ng paaralan kung ano ang mga pananalaping-tulong na ikaw ay karapat-dapat. Bisitahin rin ang kapatid na website ng HERA, www.money-happy.org.

Mga Pautang ng mag-aaral:

Ang mga pautang sa mag-aaral ay maaaring maging "Pederal" o "Pribado." Ang mga pampederal na pautang sa mag-aaral ay inaalok sa pamamagitan ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang mga pederal na nakasegurong pautang ay may mga programa upang matulungan ang mga mag-aaral na hindi kayang magbayad ng kanilang mga pautang na mas mababa o sa ilang mga kaso ay alisin ang mga buwanang pagbabayad. *Ang mga pautang sa pribadong mag-aaral, na inaalok ng mga bangko/ibang mga nagpapautang, ay walang mga programang ito.

Ihambig ang Mga Inaalok na Pampinansyal na Tulong:

Ang Consumer Financial Protection Bureau (CFPB) ay may isang online na kagamitan na nagbibigay-daun sa iyo upang ihambing ang mga gastos sa kolehiyo at mga alok sa mga pinansiyal na tulong: <https://www.consumerfinance.gov/paying-for-college/compare-financial-aid-and-college-cost/>



Mag-ingat sa mga nanunulisan ng paaralan at sa mga tumutubong paaralan!

Tumutubo laban sa Hindi-tumutubo: Ang mga hindi-tumutubong kolehiyo ay ginugol ang karamihan ng pera na kanilang nakukuha mula sa mga mag-aaral sa edukasyon. Ang mga "tumutubo" na mga paaralan ay itinatago ang pera na natanggap nila mula sa mga mag-aaral para sa pakinabangan ng may-ari ng paaralan anngmay-aringpaaralan. Ipinapakita ng mga pagsusuri na, sa karaniwan, ang mga mag-aaral ng mga tumutubong paaralan ay may mas mababang kita at mas maraming utang ang mag-aaral kaysa sa mga mag-aaral ng mga hindi-tumutubong paaralan.

Mag-ingat sa mga Paaralang Nanunulisan: Ang mga mag-aaral ng mga "tumutubo" na paaralan ay kadalasang nagrereklamo tungkol sa kalidad ng edukasyon. Nakita sa mga pagsisiyasat ng pamahalaan na ang ilang mga paaralang tumutubo ay nagsinungaling sa mga mag-aaral upang sila ay magpatala. Halimbawa, nakita ng Pangunahing Abogado (Attorney General) ng California na ang mga tumutubong mga Kolehiyong Corinthian ay huwad na nangako sa mga mag-aaral na makakuha nila ang mataas na kitang trabaho sa kanilang larangan kung sila ay nagpatala.

Isalang-alang ang Abot-kayang Mga Opsyon: Ang mga pampublikong, hindi-tumutubong kolehiyo ng komunidad ay nag-aalok ng parehong mga programa katulad sa mga tumutubong kolehiyo sa isang bahagi ng gastos. Ang mga mag-aaral sa pangkomunidad na kolehiyo ng California ay maaari ding maglipat ng mga kredito patungo sa isang apat na taong pangkolehiyong digri. Madalas na nakikita ng mga mag-aaral sa mga tumutubong paaralan na hindi nila mailipat ang mga kredito. Ang ilang mga paaralan sa Canada o sa ibang lugar ay maaari din maging mas abot-kaya at napakahusay.